Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7i6
10-19-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG OKTUBRE 3, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-10:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 238-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 2 NG BARANGAY SAN PABLO SUR NA NAGKAKAHALAGA NG WALUMPU'T APAT NA LIBO PITONG DAAN LIMAMPU'T DALAWANG PISO (P84,752.00) MULA SA EXCESS INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (ENERO-HULYO) 2011 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (P16,950.40); 10% SK FUND (P8,475.20); 5% CALAMITY FUND (P4,237.60); REPRESENTATION ALLOWANCE (P5,000.00); WATER EXPENSES (P2,500.00); DIGITEL (P1,200.00); MERALCO (P7,900.00); ACCOUNTABLE FORMS (P3,000.00); OFFICE SUPPLIES (5,488.80); TRAVELLING EXPENSES (P6,000.00) AT SEMINAR (24,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 2 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 83-T2011 / Kautusang Barangay Blg. 8-T2011 na nagpapatibay ng halagang P84,752.00 mula sa Excess ng Internal Revenue Allotment (Enero-Hulyo) 2011 upang ilaan sa mga programang nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw, Serafin C. San Juan, Jr. at Ramon D. Tan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 2 ng Barangay San Pablo Sur na nagkakahalaga ng P84,752.00 mula sa Excess Internal Revenue Allotment (Enero – Hulyo) 2011 upang ilaan sa 20% Development Fund (P16,950.40); 10% SK Fund (P8,475.20); 5% Calamity fund (P4,237.60); Representation Allowance (P5,000.00); Water Expenses (P2,500.00); Digitel (P1,200.00); Meralco (P7,900.00); Accountable Forms (P3,000.00); Office Supplies (5,488.00); Travelling Expenses (P6,000.00) at Seminar Expenses (P24,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 3, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan